

Tárag yé king dápu! Hybrid na pagkakaintindi sa ayún sa Indung Kapampárgan

JC Gaillard

*Waipapa Taumata Rau
(The University of Auckland)*

Ang artikulong ito ay tungkol sa seismolohiyang Kapampárgan o ang pagkakaintindi ng mga Kapampárgan sa *ayún* (lindol) at sa kaniyang epekto sa *Indung* Kapampárgan. Hamon ito sa kasalukuyang namamayaning talastasan tungkol sa lindol bilang *extra-ordinary* na dahilan ng kalamidad at hadlang sa pag-unlad ng buhay ng tao. Ang ganitong punto de bista ay pamana ng Kanluran na hindi tugma sa tunay na pananaw sa mundo ng mga taumbayang Kapampárgan. Sa katotohanan, ang kasalukuyang pagkakaintindi sa *ayún* sa *Indung* Kapampárgan ay *hybrid*. Ang ibig sabihin nito ay meron pa ring katutubong paniniwala na nakaantabay sa iba't ibang pamanang banyaga galing sa precolonial na relasyon sa Asya, kolonyalismo at kasalukuyang globalisadong talastasan. Ang artikulong ito ay tumututok sa kahalagaan ng *dápu* (buwaya) sa pagkakaintindi ng Kapampárgan sa *ayún* at *ngánib* (panganib) at kung paano ang mga ito ay nabago sa kasaysayan. Pangwakas, ang kasalukuyang *hybrid*ity sa pagkakaintindi sa *dápu*, *ayún* at *ngánib* ay itinuturing na isang uri ng *resistance* sa proyektong kolonyal.

Mga susing salita: *kalamidad, lindol, buwaya, panganib, hybridity, Indung Kapampárgan*



Si *JC Gaillard* ay Ahorangi / Propesor ng Heograpiya sa Waipapa Taumata Rau / Unibersidad ng Auckland, Nueva Zelanda at International Research Fellow sa University of the Philippines Resilience Institute. Dati rin siyang membro ng faculty ng Departamento ng Heograpiya ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Tungkol sa mga kalamidad ang kanyang pagsasaliksik at pagtuturo. Marami rin siyang proyekto kasama ang mga Non-Government Organisations at lokal na pamahalaan sa buong Pilipinas.
E-mail: jc.gaillard@auckland.ac.nz

Panimula

Noong 22 ng Abril ng 2019 nagkaroon ng malakas na lindol (6.1 na *magnitude*) sa *labuad* Kapampáangan¹. Sampu ang mga namatay at malaki ang naging pinsala sa imprastraktura. Dahil dito ang buong lalawigan ng Pampanga ay idineklara na nasa *state of calamity*. Samakatwid, ang pangyayaring ito ay itunuturing bilang isa sa mga pinaka o kung hindi ang pinaka grabing kalamidad ng mga huling dalawang dekada sa *labuad* Kapampáangan. Ayon sa mga lokal at internasyonal na komentarista nangyari ito dahil sa *nature's fury* at sa *deadly earthquake* (CBS News, 2019; Orejas, 2022). Mabilis at madali ang paghahanap ng may kasalanan, at ito ay dahil sa kalikasan.

Sa kasalukuyang panulat, hinahamon natin ang ganitong pagkakaintindi sa lindol, o *ayún* sa *amánung* Kapampáangan², bilang *extra-ordinary* (i.e. hindi nangyayari sa araw-araw na buhay) o pambihirang natural na pangyayari na kung saan tinatamaan ang abilidad ng taumbayan na umunlad sa buhay. Ito ay isang pamana ng Kanluran na hindi sumasalamin sa tunay na pagkakaintindi sa *ayún* ng mga Kapampáangan (Gaillard, 2021). Ang kasalukuyang panulat ay sinusuri din ang *hybridity* ng tunay na pananaw sa *ayún* at sa mundo sa *Indung* Kapampáangan³. Ibig sabihin nito na ang mga katutubong paniniwala o mito na may tutok sa buwaya, o *dápu* sa *amánung* Kapampáangan, ay kaantabay sa umiiral na pamanang kolonyal at kasalukuyang globalisadong talastasan tungkol sa kalamidad.

Ang tutok ng artikulong ito ay ang mitolohikal na karakter ng *dápu* bilang matapat na pamana ng lokal at oral na tradisyon na nangingibabaw sa kasalukuyang katutubong karunungan Kapampáangan o Kapampáangan *folklore* sa wikang Ingles. Ayon kay Garcia (2016: 179) tungkol sa buong Pilipinas '*despite the last four hundred years of Western hegemonic influence and rule, (...) life in these islands had not really been subjected to the same empirical description and rationalization that life in the West has been, since at least the period of the Enlightenment*'. Nagmula rin sa kanluraning pamana ang karamihan sa mga nakasulat tungkol sa *Indung* Kapampáangan (halimbawa kay Beyer, 1918; Forman, 1971; Larkin, 1993). Kaya

¹ Lugar ng mga katutubong marunong mag-Kapampangan

² Wikang Kapampangan

³ Ang literal na kahulugan ay inang Kapampangan pero ginagamit ito bilang malawak na konsepto para sa kamalatang pangmundong Kapampangan.

na namis-interpretata ang mga Kapampáangan bilang masunurin na tagasuporta ng kolonyal na pamumuno ng mga Espanyol. Sa talastasang ito walang kapasidad, o *agency* sa wikang Ingles, ang mga Kapampáangan.

Mahalaga rin sa argumento ng artikulong ito ang pagbabago ng talastasan tungkol sa *ayún* sa kasaysayan. Samakatwid, hindi nakasentro sa mismong karanasan ng lindol ng taumbayan ang ating argumento. Kaugnay ang ating argumento sa *postcolonial* na pag-aaral dahil hinahamon natin ang unibersal na kabuluhan ng Kanluraning pananaw sa mundo na nagmula sa *Enlightenment*. Ang diskurso ay lampas din sa simpleng representasyon ng kapaligiran at kalamidad kaugnay sa punto de bista ng binary sa pagitan ng, sa isang banda, kalikasan/panganib at, sa kabilang banda, lipunan/bulnerabilidad. Ang tunay na pokus ng argumento ng artikulong ito ay ang *ambivalence* ng kasalukuyang pagkakaintindi sa *ayún* at *resistance* sa kanluraning talastasan. Hindi ibig sabihin ito na iminumungkahi natin itapon ang konsepto ng kalamidad bilang paglikha ng Kanluran (Gaillard, 2021). Ayon kay Butler (1995: 51) pwede pa rin natin gamitin ang mga ganitong hehemonikong konsepto kaya lang kailangan din natin '*to repeat them, to repeat them subversively, and to displace them from the contexts in which they have been deployed as instruments of oppressive power*'.

Magsisimula ang artikulong ito sa isang maikling paliwanag tungkol sa mga kasalukuyang nakapamayaning talastasan sa kalamidad at ang kanilang pinagmulan. Ang ikalawang bahagi ng artikulo ay isang pagsusuri ng katutubong karunungan Kapampáangan, lalo na ng sismolohiang Kapampáangan o katutubong pananaw ng Kapampáangan sa *ayún* at ang tungkulin ng *dápu*. Ang mga susunod na bahagi ay tungkol sa pagbabago ng talastasan tungkol sa *ayún* at *dápu* at kung paano ang dalawang ito ay naging panganib ayon sa punto de bista ng mga kolonyalistang Espanyol. Ang mga panghuling bahagi ng artikulo ay nakatutok sa kasalukuyang pagkakaintindi sa *ayún* at ang *ambivalence* at *hybridity* bilang *resistance* sa proyektong kolonyal at normatibong Kanluraning talastasan tungkol sa kalamidad. Ang ganitong *ambivalence* at *hybridity* ay malinaw na nagpapatagal sa presensiya ng *dápu* sa pananaw ng Kapampáangan sa *ayún*.

Kasalukuyang pagkakaintindi sa lindol at kalamidad

Kumon sa pananaliksik tungkol sa kalamidad ang talastasan na ginamit ng medya noong lumindol sa Pampanga noong 2019. Sa ganitong talastasan ang lindol ay *nature's fury* na may malupit na pinsala para sa lipunan. Ito ay

sumasalamin sa hehemonikong pananaw sa kalamidad na nagmula sa proyekto ng modernidad noong ika-labing walong siglo sa Europa. Ang layunin ng proyektong ito ay palayain ang mga taumbayan mula sa mga panganib ng kalikasan upang umunlad sila. Kahit iba't iba ang mga kasalukuyang balangkas tungkol sa kalamidad, pinagbabatayan pa rin ang ganitong ontolohikal na paniniwala: ang kalamidad ay nasa pagitan ng kalikasan at lipunan, o sa wika ng pag-aaral tungkol sa kalamidad, sa pagitan ng panganib (halimbawa isang lindol) at bulnerabilidad (ang posibilidad na may pinsala) (Gaillard, 2021).

Pinipigilan ng ganitong ontolohikal na paniniwala ang mga kasalukuyang balangkas kung saan ang dahilan ng kalamidad ay ang panganib/kalikasan o ang bulnerabilidad/lipunan. Samakatwid, ang kanilang diperensiya ay parang paglipat-lipat lamang ng *pendulum* sa loob ng isang binary na pananaw sa mundo na nagmula sa Europa. Kaya ang lahat ng kasalukuyang balangkas upang maintindihan ang karanasan ng taumbayan sa harap ng natural na pangyayari katulad ng lindol ay nagpapatuloy sa hehemoniya ng Kanluraning kaalaman at talastasan. Sinasalamin nila ang dialektikal na paghahanap ng *reason* ni Hegel (Gaillard, 2021). Isang paghahanap ng maliwanag at unibersal na katotohanan tungkol sa lindol, pinsala at pagdurusa. Ito ay ang imperyal na katotohanan ng Kanluran ayon kay Eboussi-Boulaga (1977).

Nagmula sa ganitong hehemonya ng mga Kanluraning balangkas tungkol sa kalamidad ang mga normatibo at pare-parehong polisiya at gawi o aksyon para sa kasalukuyang tinatawag na *disaster risk reduction and management*. Itong mga polisiya at aksyon ay sentido kumon sa buong mundo dahil sa normatibo at unibersal na balangkas katulad ng *Sendai Framework for Disaster Risk Reduction* (United Nations International Strategy for Disaster Risk Reduction, 2015). Samakatwid, pagpapalawak sa proyektong imperyalista ng Kanluran ang mga ganitong balangkas, polisiya at aksyon ayon kay Bankoff (2001, 2009). Kahit napalitan na ang mga ibang teknokratikong polisiya at aksyon batay sa agham, teknolohiya at estratehiyang militar at kahit sa kasalukuyan may mas progresibong *community-based* o *participatory* na proseso, ang lahat ng ito ay katulad pa rin ng paglipat ng *pendulum* sa pag-aaral tungkol sa kalamidad. Batay pa rin silang lahat sa pananaw sa mundo na nagmula sa Kanluran at sa proyekto ng modernidad upang palayain ang mga taumbayan mula sa lindol at ibang banta ng kalikasan.

Ang ganitong pagkakaintindi sa lindol bilang banta o panganib ng kalikasan na maaaring makahadlang sa pag-unlad ng taumbayan ay malinaw noong 22 ng Abril ng 2019 sa Pampanga. Ang deklarasyon ng buong lalawigan ng Pampanga bilang

nasa ilalim ng *state of calamity* ay isang maliwanag na ebidensiya ng ganitong pananaw. Ayon sa batas (RA10121) ang *state of calamity* ay ‘*a condition involving mass casualty and/or major damages to property, disruption of means of livelihoods, roads and normal way of life of people in the affected areas as a result of the occurrence of natural or human-induced hazard*’ (Republic of the Philippines, 2010).

Hindi tugma ang ganitong pananaw sa kalikasan at natural na pangyayari katulad ng lindol sa katutubong pananaw sa *ayún* ng Kapampáangan. Hindi rin ito tugma sa kanilang kasalukuyang hybrid na pagkakaintindi sa mundo. Ang argumento ng artikulong ito ay tungkol sa *hybridity* ng pananaw sa kalamidad kung saan may pamanang katutubo, o seismolohiyang Kapampáangan, na nakalakip sa pamana ng Kanluran na *reinterpreted* sa konteksto ng *Indung* Kapampáangan.

Seismolohiyang Kapampáangan

Sa mitolohiyang at katutubong karunungan Kapampáangan, at pati rin para sa mga Tagalog at iba pang lipunan sa Luzon (de Plascencia, 1903; de los Reyes, 1909; Nocheseda, 2002; Barretto-Tesoro, 2020; Saluria, 2023; Ubaldo, 2023; Reyes, 2024), ang *ayún* ay kaugnay sa buwaya o *dápu* sa *amánung* Kapampáangan. Ang *dápu* ay dinadala ang daigdig sa likod niya. May parang karayom, o *sikuan* sa *amánung* Kapampáangan, upang ikabit ang daigdig sa likod ng *dápu*. Kapag galit na ang *dápu* gumagalaw siya at matatanggal ang *sikuan* kaya lumilindol. Samakatwid, ang ating pagkakaintindi sa *ayún* ay hindi pwede ihiwalay sa mitolohikal na karakter ng *dápu* at ang kanyang metaporikal na tungkulin sa pananaw sa paggalaw ng daigdig. Dahil dito ang mga mito ay salamin sa pananaw sa mundo ng taumbayan at ekspresyon ng kanilang katotohanan. Ang mga mito ay ‘*infuse meaning into existence, sustain life, and give it flavour*’ (Garcia, 2016: 26). Ayon kay Garcia (2016: 22) ulit ‘*the truth of myth comes from its metaphorical nature, which serves to indicate profound insights and truths about the human condition. Myths are to be taken as literally false, but metaphorically true, therefore*’.

Sa mitolohiyang at katutubong karunungan Kapampáangan, ang *dápu* na dinadala ang daigdig sa likod niya ay hindi kahit anong buwaya. Ang *dápu* ito ay iginagalang ng mga Kapampáangan. Ito ay ang *Indung Tibuan* o ang ninunong ina (Pangilinan, 2022). Bago ang kolonisasyon, ang *dápu* ay *núnú*. Sa *Vocabulario de la Lengua Pampanga* na inilathala nong 1732, ang salin ni Bergaño para sa salitang Espanyol na *tarabuelo* ay *dápu* at *núnú*. Sa mitolohiyang at katutubong karunungan Kapampáangan, kasama silang *dápu* at *Batala* bilang tagalikha sa

mundo. Si Batala ay isang asul na ibon at ang ninunong ama (Mallari, 2004; Pangilinan, 2022). Si Batala ay nag-alala sa langit at sa mga proseso sa atmospera. Samantala, ang *dápu* ay lumikha sa bundok at ilog (Larawan 1). Samakatwid, ang *dápu* ang may kontrol sa mga *ayún*.



Larawan 1. Kapampangan mythology, obra ni Don Reich de Dios, mixed media sa plywood, 2017

Pangkaraniwan ang buwaya, bilang reinkarnasyon ng *Indung Tibuan*, sa mga ilog ng *labuad* Kapampáangan noong hindi pa dumating ang mga kolonyalistang Espanyol. Samakatuwid, mahalaga noon ang *dápu* sa buhay ng mga Kapampáangan. Marami ang mga ebidensiya nito sa mga unang sinulat ng mga Espanyol, pati sa wikang Kapampáangan at sa mga pangalan ng mga lugar. Halimbawa, sa *Vocabulario* ni Bergaño (1732), lampas dalawampu ang mga nakalista na salita na kaugnay sa *dápu* at sa kanyang ugali, katawan at kapaligiran. Ganon din sa mga librong gramatika ng mga Espanyol noong ika-labing pito at ika-labing walong siglo: marami ang mga halimbawa ng pangungusap na may reperensiya sa *dápu* (Bergaño, 1729; Coronel, 1621; de Benavente, 1699). Meron din lugar at ilog na

may pangalan na nagmula sa *dápu*, katulad ng *Babang* (baba rin sa wikang Filipino) *Dápu* sa Mabalacat, *Tete* (tulay) *Dápu* sa Apalit at *Tacasan* (takasan din sa wikang Filipino) *Dápu* sa Candaba (Mallari, 2004; Tuazon, nd).

Marami rin sa mga naunang sinulat ng mga kolonyalistang Espanyol ang mga ebidensiya ng kahalagaan ng *dápu* sa *Indung Kapampangan* at ng buwaya sa mga kalapit na lugar ng mga Tagalog kung saan meron rin ganitong paniniwala (de Bobadilla, 1640; de los Reyes, 1909). Halimbawa, ayon kay de San Nicolas noong 1664 (1905: 138), ang mga taumbayan *‘adored not less the sun, the moon, the rainbow, birds, and animals—but especially the cayman or crocodile; a blue bird closely resembling the thrush; the crow; rocks placed on the shores of the sea, and those that they see in the sea, such as sunken rocks and shoals’*. Sinabi rin ni de Bodilla nong 1640 (1905: 284) na ang mga tao *‘had a great veneration for the crocodile. [When] they saw it in the water, they called it nono, or “grandfather.” They offered to it prayers regularly, with great devotion, and offerings of what they carried in their boats’*.

May ganitong pagpapabanal sa *dápu* sa mismong kabahayan kung saan ang mga taumbayan ay nag-ipon ng *‘a great number of the teeth of the crocodile or wild boar, strung on a cord’ for ceremonial purposes’* ayon kay de Jesus in 1663 (1905: 204). Ayon kay de Loarca noong 1582 (1903: 149), ang ganitong mga pagdiriwang ay *‘casting lots with the teeth of a crocodile or of a wild boar. During the ceremony they invoke their gods and their ancestors, and inquire of them as to the result of their wars and their journeys’*. May impluwensiya rin sa paglilibing ang larawan ng *dápu* bilang *Indung Tibuan* (Beyer, 1947). Halimbawa, sinabi ni Tenazas (1973: 23) na *‘the motifs most frequently encountered in boat-coffins in the Philippines are the lizard and crocodile’*. Marami ring mga kuwintas na ngipin ng buwaya na nakita ng mga arkeologo sa mga naunang libingan sa Pilipinas (Kress, 2004).

Ayon sa ganitong mga salaysay ang *dápu* ay hindi panganib. Hindi rin panganib ang kaugnay na *ayún*. Ang *dápu* noon ay *Indung Tibuan*⁴. Siya ang nagbibigay ng proteksyon at siya rin ang tagapangalaga. Kaya walang patungkol sa mga naunang sinulat ng mga Espanyol na may humabol o pumatay sa buwaya. Siya ay laging minahal, pinakain at iginalang. Halimbawa, sa mapa ng Minalin noong 1619 na makikita sa simbahan ng Santa Monica may *dápu* sa pinakagitna ng komunidad. Ang *dápung* ito ay hindi nagbabanta sa taumbayan (Larawan 2). Marami rin ang mga inukit na larawan ng buwaya sa nasabing simbahan. Kaya hindi panganib noon ang *dápu* at wala rin siyang kasalanan sa kahirapan ng mga tao noong lumindol. Noon, limitado rin naman ang pinsala ng *ayún* dahil wala pang imprastraktura na maaring bumagsak at pumatay sa mga tao.

⁴ Ninunong ina



Larawan 2. Mapa ng komunidad ng Minalin noong 1619 sa pader ng tsimbahan ng Santa Monica, Pampanga

Samakatwid, walang ontolohikal na priksyon sa pagitan ng taumbayan at *ayún* katulad ng tinuro ng dialektikal na balangkas ng Kanluran tungkol sa kalamidad kung saan may panganib at bulnerabilidad. Ang *dápu* noon ay mitolohikal at tunay na karakter sa araw araw na buhay ng mga naunang Kapampáangan. Dahil sa *dápu* may liminal na espasyong ontolohikal at walang dibisyon sa pagitan ng lindol at lipunan sa simolohiyang Kapampáangan. Nahawalay at naging panganib ang *ayún* at *dápu* sa buhay at hanapbuhay ng mga taumbayan dahil lang sa epekto ng koloniyalisasyong Espanyol.

Ngánib, ayún at dápu

Ang pagbabago ng pagtingin sa *ayún* at *dápu* ay nangyari mula sa ika-labing pintong siglo dahil sa mga kolonyalistang Espanyol. Sa talastasang kolonyal nahawalay ang dalawa at naging banta sa lipunan. Sila ay naging *ngánib*, sa *amánung sísuán*, o *panganib*, sa wikang Filipino, na kailangang labanan.

Nakaranas kaagad ng *ayún* ang mga koloniyalistang Espanyol pagkdating nila sa Luzon. Marami ang kanilang naging mga salaysay tungkol sa malalakas na lindol nong 1599, 1600, 1619, 1645 at 1658 (e.g. Fayol, 1647, 1906; de Santa Cruz, 1676, 1906). Pamilyar sa mga lindol ang mga conquistadores dahil sa kanilang karanasan sa Espanya at sa Amerika Latina. Sa kanilang punto de bista ang *ayún* ay panganib dahil sa pinsala sa imprastruktura at sa pagkamatay ng mga tao. Halimbawa, *'the first earthquake of June 21, 1599, does much damage to buildings, and it is followed by other disastrous earthquakes in 1600'* (de Uriarte, 1728, 1907: 35). Noong ika-labing pitong siglo, lumaki ang pinsala habang dumami ang mga imprastruktura, lalu na ang mga imprastrukturang pang relihiyon. Ayon kay Aduarte (1640, 1905: 104) pagkatapos ng lindol sa Maynila noong 30 ng nobyembre ng 1619: *'the stone buildings suffered the greatest damage. Our church and convent in the city were totally overthrown, the very foundations giving way in places, because of the sinking of the earth. It was no small comfort to be able to find the most holy sacrament in this most pitiful ruin, with the consecrated loaves unbroken and unharmed'*. Sinabi rin ni de San Agustin (1698, 1905: 193) tungkol sa mga ayún noong ika-labing pitong siglo: *'the many and horrifying earthquakes from which the city of Manila has suffered from its beginning until the present, have resulted in almost its destruction and depopulation—especially in those of 1645 and 1658, as we shall see later. But in the midst of these ruins, the houses which suffered most always preserved the principal walls, some even the first floor, and others more—although these were stripped of their covering, and, as it were, the skulls and shapeless skeleton which indicate the robust symmetry of that building's corpse'*.

Mula sa ika-labing pitong siglo ang naging dahilan ng *ayún* ay hindi na ang *dápu* at ang kanyang paggalaw. Para sa mga Espanyol ang dahilan ng lindol ay naging kombinasyon ng pisikal, ayon sa agham ng panahong ito (Hooke, 1705), at reliyosong salik. Sinulat ni Diaz noong 1718 (1906: 263) na *'it may be proved that a cause of these tremblings and earthquakes is the air which is shut in within the caverns of the globe, drawn into them through the crevices and openings which the heat causes in the soil, which afterward are closed by the rains; a great volume of air being thus gathered, it becomes rarefied, and, increasing in quantity or volume, it seeks an outlet, directing its force toward its center and causing so terrible a commotion. But the safe and useful way of maintaining ourselves faithful in the fulfilment of our obligations is to regard these earthquakes as tokens of the wrath of God against our transgressions'*.

Samantala, ang *dápu* ay naging panganib din sa punto de bista ng mga Espanyol. Sa mga naisulat ng mga Espanyol ang debosyon sa *dápu* ay ebidensiya ng paganismo

ng mga taumbayan. Gayumpaman mula noong ika-labing pitong siglo ito ay namis-interpretá bilang pang laban o pang-iwas sa pinsala. Sinabi ni de Morga noong 1609 (1904: 131) sa kanyang sikat na salaysay tungkol sa pananakop ng Pilipinas na *‘they [ang mga taumbayan] generally worship and adore the crocodiles when they see them, by kneeling down and clasping their hands, because of the harm that they receive from those reptiles; they believe that by so doing the crocodiles will become appeased and leave them’*. Noong panahong ito ang buwaya ay naging *horrible* (de Morga, 1609, 1904: 235), *fierce* (Anonymous, 1649, 1906: 300), *ferocious* (Anonymous, 1610, 1904: 73), *voracious* (Chirino, 1604, 1904a: 133), *fond of human flesh* (Vaez, 1601, 1904: 205), *bloodthirsty and cruel* (de Morga, 1609, 1904: 93) at *who cause great havoc* (Chirino, 1604, 1904b: 216) o *great loss* (de Padro, 1629, 1905: 298) sa mga salaysay ng mga Espanyol tungkol sa nangyari sa kanilang mga kababayan o sa mga lokal na taumbayan. Ang susunod na salaysay ni paring Pedro Chirino in 1604 (1904b: 213) ay sinasalamín sa pagbabago ng pagtingin sa buwaya:

‘There was another crocodile, smaller than this one, which inflicted loss on the household of a reputable Spaniard of Manila; and this man came therefore to our house to entreat that Ours would provide him with a father who would make his Indians Christians. The affair occurred thus: This Spaniard was in his encomienda, where his house stood on the shore of a river much infested by these beasts. While he was dining one day, a youth, one of those who waited on the table, went to the river to wash some plates; but he did not finish his task, for a crocodile suddenly sprang upon him and swallowed him. The people [in the house] saw this tragic event, and the good man left the table, grieved that the youth should perish without baptism, and desirous to see if there might be some means of giving him the sacrament before he should die in the belly of the crocodile. He soon decoyed the animal by means of a little dog, a food of which these beasts are very fond; and, having captured the crocodile and landed it on the shore, he cut it open and found the boy within, whole but dead. This man, who measured the beast (which was not a large one) told us that it was fifteen [Spanish] feet in length, but that the capacity of its stomach was extraordinary: for within it were found, besides the corpse of the boy, a great number of eggs of various animals, and fifteen human heads. Grieved by this sad event, he had come to entreat that instruction might be supplied in his villages; but this could not be done, as there was no one to give it’.

Samakatwid, ang *dápu* ay naging isa sa mga dalawang *ngánib* para sa mga taumbayan sa *Vocabulario* ni Bergaño (1732: 163): ‘*nganib: peligro de enemigos ó caimanes*’. Naging maliwanag ang paghahati sa pagitan ng panganib at lipunan ayon sa bagong balangkas tungkol sa kalikasan na nagmula sa Europa nong ika-labing walong siglo. Kung walang ginawa ang mga taumbayan laban sa sinasabing banta ng *dápu* ito ay ebidensiya ng kanilang katamaran o kahinahan ayon kay de Medina 1630 (1905: 246): ‘*the same thing happens in regard to the crocodiles. Although the people see that the crocodiles seize them daily, they proceed with the same abandon; notwithstanding that, with but little toil, they could remedy this, by catching them or by making some enclosed bathing places in the rivers. But they neglect to do this, either through laziness, or in order not to toil for another’s gain*’. Ang *dápu* ay naging perpektong sangkalan dahil siya ay salamin sa katutubong paganismo at ang naging tagasagip ay ang mga kolonyalistang Espanyol at ang kanilang relihiyong kristiano (van der Ploeg et al., 2011). Kaya, ang susunod na salaysay ay naging pangkaraniwan na kwento mula sa baybay ng ilog Pampanga ayon kay Garcia (2004: 55): ‘*one day, an unbaptized isik (Chinese merchant) was rowing his bangka during stormy weather. While negotiating the river, he encountered a large, starving dápu downstream. He panicked, but just then remembered he had tinape nang Apung Kulas stashed in his pocket, given to him earlier by a friar. He threw the biscuit at the crocodile, shouting, ‘Sanikulasi, sanikulasi, magi ka sa’ng batu balani!’ The dápu instantly turned into stone and the isik was saved. From the river he ran back to the friar and asked to be baptized*’ (ayon din kay Hall, 1898). Malinaw na ang kuwentong ito ay nagmula sa sinulat ni Rizal (1891) sa *El Filibusterismo*. Inilarawan din ni Rizal ang kriminalisasyon ng *dápu* sa kanyang sikat na eskultura La Venganza Dela Madre na ginawa sa Dapitan noong 1894 (Larawan 3).

Samakatwid, ang kasalukuyang oposisyon ng kalikasan at lipunan, o panganib at bulnerabilidad, na nangibabaw noong lumindol sa Pampanga noong 2019, ay nalikha ng mga Espanyol nong ika-labing pitong at ika-labing walong siglo. Ang resulta nito ay ang ontolohikal na paghahati sa pagitan ng *ayún* at *dápu* at ang kanilang magkahiwalay na dulot na panganib.



Larawan 3. La Venganza Dela Madre, likha ni Jose Rizal, terra cotta, 1894

Ayún, dápu at hybridity sa pagkakaintindi sa kalamidad

Dahil sa paghuhuli sa mga *dápu* noong panahon ng mga Espanyol nawala ang mga ito sa Ilog Pampanga at ibang katabing sapa. Gayumpaman, ang mitolohikal na karakter ng *dápu* ay hindi namatay at mahalaga pa rin ito sa pagkakaintindi ng mga Kapampáangan sa *ayún*. Samakatwid, hanggang ngayon minamahal at inaalagaan pa rin ang *dápu* kahit *ambivalent* at *hybrid* ang kanilang pananaw sa *ayún* at sa mundo. Ang ganitong *hybrid* na pananaw sa mundo ay nagmula rin sa pamanang kolonyal at kasalukuyang impluensiya ng mga normatibong polisiya para sa tinatawag na *disaster risk reduction and management*.

Isa sa mga pinakaebidensiya ng kasalukuyang *hybridity* sa pagkakaintindi sa *ayún* ay nakikita sa reinterpretasyon ng mga paniniwalang Kristyano sa konteksto ng katutubong karunungan Kapampáangan at ng mitolohikal na karakter ng *dápu*. Halimbawa, marami ang mga salaysay tungkol sa lindol sa mga papel ng mga estudyante ni H. Otley Beyer (1918) at sa mga *Historical Data Papers* na sinulat ng mga guro ng lalawigan ng Pampanga at Tarlac noong dekada '50. Sa mga ito ang *ayún* ay nagmula kay Hesukristo, San Policarpo, isang halimaw, o higenteng tao na humahawak at naglalaro sa daigdig. Malinaw ito sa susunod na alamat mula sa Apalit: *'there is an old belief that a mighty man under the earth is holding the world*

with his right hand. At times, this man shakes his hand holding the world, that makes it move this way or that, causing the world to quiver into an earthquake. Another idea is that a great monster lives under the sea. When he gets restless, rather angry, he makes such a movement that causes the water to surge with fury and this makes the earthquake' (Punsalan et al., 1953: 53). Sa alamat na ito at sa iba pang kwento mula sa Pampanga at Tarlac ang *dápu* ay pinalitan na ng alin man sa mga ito: isang makapangyarihang tao, San Policarpo o Hesukristo. Gayumpaman, ang paniniwala na ang dahilan ng *ayún* ay ang galit ng isang karakter sa ilalim ng lupa o daigdig ay nananaig pa rin.

Samakatuwid, ikinunsidera pa rin ng mga taumbayan ang *dápu* pero *ambivalent* at *subversive* ang kanilang pagpapahiwatig upang maiwasan ang pagpipigil ng mga kolonyalistang Espanyol. Ang ganitong subersibong pag-aalala sa *dápu* ay maliwanag sa mga *libad*⁶ na ginaganap kada taon sa ilog Pampanga at ibang malapit na sapa sa mga bayan ng San Luis, Apalit, Macabebe, Masantol, Guagua at Sasmuan (Tomen, 2008; Pineda Tiatco, 2016). Sa ganitong mga *libad* ang ninunong ina o *Indung Tibuan* ay hindi na maaaring ipagdiwang bilang *dápu* na naging panganib sa lipunan. Kaya ito ay naging *Apung Irú* (ang ninunong ilog) na ginaya, o *mimicked* sa wikang Ingles, bilang isang pangkaraniwang santong Kristyano katulad ni San Pedro sa Apalit. Kapag araw ng *libad*, ang estatwa ni *Apung Irú* ay isinasakay sa isang pagoda na umaagos sa ilog, Naniniwala pa rin ang mga taumbayan na kinaladkad ang pagoda ng isang hindi nakikitang puwersa sa ilalim ng tubig: ito ay ang *dápu*. Sumusunod sa pagoda ang mga taumbayan upang magtapon ng pagkain sa ilog bilang *áin*⁷ sa *dápu*. Ang harap ng kanilang sinasakyang bangka ay minsan may hugis ng buwaya. Umaasa sila sa isang magandang tanda para sa darating na taon.

Hanggang ngayon ang ganitong pagmamahal at pag-aalaga sa *dápu* ay upang maiwasan ang *ayún* kahit hindi na ito maliwanag sa unang tingin. Halimbawa, pangkaraniwan pa rin sa kasalukuyan ang paghahain at paglilibing ng manok o baboy bago magtayo ng anumang imprastruktura. Ang ganitong *áin* ng pagkain ay upang mabawasan ang sakit na mararanasan ng *dápu* sa pagtatayo ng bagong imprastruktura o, ayon kay Nocheseda (2002: 67), '*for restoring any disturbed balance or harmony between man and the spirits in nature*'. Ang *áin* ay tinitiyak ang katibayan ng gusali o imprastruktura. Halimbawa, meron isang sabi-sabi sa lungsod ng Angeles na ang *áin* bago ang muling pagtatayo ng tulay sa ilog Abacan

⁶ Prusisyon sa ilog

⁷ Handog o pasubo ayon kay Nocheseda (2002)

pagkatapos ng mga lahar ng bulkang Pinatubo ay isang sanggol na inilibing sa ilalim ng mga haligi ng tulay. Ayon sa katutubong karunungan, ito raw ang kinailangan upang payapain ang *dápu* pagkatapos ng pagtayo ng ganitong kalaking imprastruktura. Malinaw dito na *makilabas*, o magpasintabi sa Wikang Filipino, pa rin ang mga taumbayan kapag manghimasok sila sa teritoryo ng *dápu*. Ito ay upang maiwasan ang *ayún*.

Kapag galit pa rin ang *dápu* at nagkaroon ng *ayún* sumisigaw ang mga matatandang tao: *‘mámayun, mámayun! Ing Sikuan, ing Sikuan, kákaló ya! Itárak yé, itárak yé king gabun! Mámayun, mámayun! Géló ré ing Sikuan! Tárak yé, tárak yé king dápu!’*⁸ (Pangilinan, 2022). Pagkatapos, kukuha sila ng isang tungkod at ihahampas nila sa lupa sa pag-asang ibalik ang *sikuan* sa likod ng *dápu*. Ito ay upang matahimikan siya at matigil ang *ayún*. Ang ganitong paghahampas sa lupa ng isang tungkod ay tinawag na *guluk* sa diksyonaryo ni Forman (1971). Sinabi rin ni Forman (1971) na ito ay isang *preventive measure*.

Kung ganito ka-*hybrid* ang pananaw sa kalikasan at ganito ka-*mimicked* at *reinterpreted* ang impluwensiyang kolonyal sa konteksto ng katutubong karunungan at sismolohiang Kapampáangan ibig sabihin na kailangan din natin muling bisitahin kung paano natin maintindihan ang kasalukuyang epekto ng mga natural na pangyayari katulad ng *ayún*. Ayon sa nangyari noong Abril ng 2019 ang epekto ng *ayún* ay nakakapinsala. Ito ang tinatawag na *disaster* sa wikang Ingles o *kalamidad* sa Espanyol, o *sakuna* – isang salita na nagmula sa wikang Sanskrit kung saan ito ay isang *bird of omen* (i.e. शकुन) (Benfey, 1866; Mani, 1975). Ibig sabihin nito na kailangan ng *ambivalent* na pautang na salita mula sa mga banyagang wika upang pangalanan ang epekto ng *ayún*. Ibig din sabihin nito na walang katutubong salita na maaaring gamitin upang maintindihan ang pinsala at kahirapan na nagmula sa Kanluraning proyekto ng modernidad at sa ahendang kolonyal ng mga Espanyol. Samantala, nabigo rin ang mga pagsusubok ng mga Amerikano at Espanyo na isalin ang tinatawag na *disaster* sa wikang Ingles sa katutubong salita na *tagku* o *katagkuan*, ayon sa *Vocabulario* ni Bergaño (1732) at diksyonaryo ni Parker (1905). Nawala ang mga salitang ito sa kasalukuyang *amánung sísuán*.

Samakatwid, malabo, o *opaque* sa wikang Ingles, ang kasalukuyang *ambivalent* at *hybrid* na pagkakaintindi ng Kapampáangan sa *ayún*. Ayon kay Glissant (1997,

⁸ ‘Lumilindol, lumilindol! Ang síkuan, ang síkuan, gumagalaw siya! Itusok niyo ito, itusok niyo ito sa lupa! Lumilindol, lumilindol! Ginalaw nila ang síkuan! Itusok niyo ito, itusok niyo ito sa dapu!’

2009) ang *opacity* ay likas sa *co-existence* o magkakasamang umiiral na iba't ibang pamana sa ating kasalukuyang pananaw sa mundo, lalo na sa mga lugar na may pamanang kolonyal katulad ng Pilipinas. Gayumpaman, hindi ibig sabihin ang itong *ambivalence*, *opacity* at *hybridity* sa pagkakaintindi sa *ayún* ay isang pasibong pagsumite ng mga Kapampáangan sa kolonyal na kapangyarihan at sa kasalukuyang normatibong balangkas para sa tinatawag na *disaster risk reduction*.

Pamanang kolonyal, *hybridity* at *resistance* sa pagkakaintindi sa *ayún*

Ang kasalukuyang *hybrid*, *ambivalent* at *opaque* na pagkakaintindi sa *ayún* sa *Indung Kapampáangan* ay hamon sa normatibong talastasan at balangkas tungkol sa kalamidad na nagmula sa Kanluran. Ang interpretasyon ng taumbayan sa *ayún* at ang kanyang epekto ay sumasalamín sa pamanang kolonyal at impluwensiya ng kasalukuyang globalisadong talastasan tungkol sa kalamidad katulad ng salaysay ng *Sendai Framework for Disaster Risk Reduction*. Gayumpaman, hindi natin pwedeng pabayaang ang pamanang katutubo o seismolohiyang Kapampáangan. Hanggang ngayon mahalaga pa rin ito sa pagkakaintindi ng taumbayan sa *ayún*.

Walang katulad ang *hybridity* ng pagkakaintindi ng Kapampáangan sa *ayún* dahil sa walang kaparis na kombinasyon o *métissage*, sa oras at espasyo, ng iba't ibang pamana na *co-existing* o magkakasamang umiiral. Hindi rin naisanib o *fused* ang mga pamanang ito. Ayon kay Glissant (1997, 2020) ito ang tinatawag na *creolisation*. Ayon sa kanya ito *'is not a fusion, it requires each component to persist, even while it is already changing. Integration is a centralist and autocratic dream. Diversity is at play in the place, runs across different times, breaks and unites voices (languages). A country that creolizes is not a country that becomes uniform'* (Glissant, 2020: 130). Dinagdag niya na *'creolization is the putting into contact of several cultures or at least several elements of distinct cultures, in a particular place in the world, resulting in something new, completely unpredictable in relation to the sum or the simple synthesis of these elements'* (Glissant, 2020: 22).

Mahalaga na kasabay at hindi nakaanib ang mga pamanang kolonyal at katutubo sa kasalukuyang pagkakaintindi sa *ayún*. Dahil hindi ito nagmula sa pasibong pagpapasukong isang pananaw sa mundo sa iba katulad ng inaasahan ng Kanluraning proyektong kolonyal kung saan ay isang katotohanan lang sa pagkakaintindi sa lindol at sa pagbubuo ng *disaster risk reduction and management*. Ayon kay Garcia (2016: 71), *'no knowledge is ever absolute. After the initial encounter, the ensuing mimicry of colonial norms by the natives, and the hybridity that this mimicry*

produces, render impure and inauthentic the colonial presence – its identities, edicts, and discourses’.

Ang *hybridity* ay isang proseso ng *resistance* o taktikal na *subversion* sa kapangyarihang kolonyal at sa pagpapataw ng mga Kanluraning konsepto at gawi. Ginamit ito ng mga opresadong tao upang umangkop at ibagsak na pahilim ang mga *asymmetrical* na relasyon ng kapangyarihan sa mga kolonyalista (Rafael 1988; Young 1993; Bhabha 1994; Prakash, 1999; Garcia, 2016). Malinaw ang ganitong *subversion* sa *Indung Kapampáangan*. Hanggang ngayon, ang mga taumbayan ay minamahal at inaalaga pa rin na palihim ang *dápu* upang maiwasan ang *ayún*. Dahil naging panganib at kriminal ang buwaya nong panahon ng mga kolonyalistang Espanyol ang mga gawing ito ay ginaya sa mga kunwaring gawaing Kristiyano katulad ng nakita natin sa mga *libad*. Ayon kay Nocheseda (2002: 99), *‘the new faith did not conquer the Filipinos, rather they have conquered the new faith and made it their own’*. Ito ang proseso ng *mimicking*.

Ang *subversive* na katangian ng mga *ambivalent* at *hybrid* na gawaing ito ay paraan para sa mga kolonisadong taumbayan upang angkinin ang kanilang kapasidad, o *agency* sa wikang Ingles. Mahalaga ito dahil nawalan ng ganitong kapasidad ang mga Kapampáangan sa mga namayaning talastasan sa kasaysayan at agham tao. Sa mga talastasang ito, ang mga Kapampáangan daw ay laging masunuring sakop o tauhan. Sila raw ay laging tapat, tinanggap at sinuportahan ang patakarang kolonyal ng mga Espanyol at ang kanilang mga Kristiyanong tradisyon at pagpapahalaga (Tomen, 2008: 93). Halimbawa, nagtaka si Larkin (1993: 30), *‘why did the Pampangans remain so loyal to the colonial government (...)?’* Ang ganitong maling akala tungkol sa pagtugon ng mga Kapampáangan sa kolonyalismo at ng kanyang epekto sa mga kasalukuyang gawi at pananaw sa mundo, halimbawa sa *ayún*, ay isang malaking problema. Sa huli, sinusuportahan ng ganitong talastasan ang hehemonya ng mga Kanluraning talastasan katulad ng mga normatibong at namamayaning salaysay tungkol sa kalamidad.

Ang ganitong maling akala at hindi tumpak na pagkakaintindi sa *hybridity* ay posibleng nagmula sa hindi marahas na paglaban sa kolonyalismo sa *labuad* Kapampáangan. Ayon kay Bhabha (1985: 153), *‘resistance is not necessarily an oppositional act of political intention, nor is it the simple negation or exclusion of the “content” of another culture, as a difference once perceived’*. Sinabi rin ni Bhabha (1985; 1994) na nanggaling ito sa epistemolohikal na imposibilidad ng proyektong kolonyal ng Kanluran na makamit ang kanyang layunin. Kasama rito ang inasahan na may nag-iisang katotohanan lamang tungkol sa tinatawag na kalamidad sa

buong mundo. Ang proyektong kolonyal ay hindi kailanman magtatagumpay dahil batay ito sa isang hierarkikal na punto de bista tungkol sa iba't ibang kalinangan na kung saan ang Kanluran at ang kanyang agham lang ay tama. *'One cannot expect those who are inferior and dominated to fully absorb and mimic Western culture or it would undermine the whole ethos underneath the said imperialist project'* (Gaillard, 2023: 5). Idinagdag pa ni Bhabha (1985: 153) na ang *hybridity* at *resistance* ay *'the effect of an ambivalence produced within the rules of recognition of dominating discourses as they articulate the signs of cultural difference and reimplicate them within the deferential relations of colonial power-hierarchy, normalization, marginalization, and so forth'*.

Sa *labuad* Kapampáangan at sa ibang lugar sa Pilipinas, ang mga natural na pangyayari katulad ng *ayún* ay *interpreted* o, sa halip, *reinterpreted* sa magkasamang punto de bista ng katutubong karunungan o sismolohiang Kapampáangan at mitolohikal na karakter (ang *dápu*), impluwensiyang precolonial (sa kanilang epekto bilang *sakuna*), pamanang kolonyal (bilang *panganib*) at kasalukuyang globalisadong pwersa (dahil sa mga normatibong balangkas para sa polisiya at aksyon). Ibig sabihin ito na kailangan natin lumayo sa mga normatibong talastasan ng Kanluran upang maintindihan ang tunay at walang katulad na karanasan ng mga taumbayan kapag nasa harap sila ng ganitong pangyayari. Ang pagpapatuloy ng kahulugan ng *dápu* sa pananaw ng mga Kapampáangan sa mundo ay sinasalamín sa posibilidad *'to be modern and still accept the value of mythology. While it is true that science has made it impossible to believe literally in myths (...) it has not invalidated the existential truths, and the human wisdoms, that these stories continue to offer us. What's more, science has not remotely succeeded in explaining away the desire – which is to say the necessity – to believe in powerful and inspiring fictions, like myths. Despite science, myths remain important and useful in that they render perceptible the forms of the psyche, and illuminate the inner life'* (Garcia, 2016: 27).

Sa kasalukuyan, kung tatanggapin natin ang *co-existence* ng iba't ibang pamana at ang patuloy na kaugnayan ng mga mito, ibig sabihin na kailangan natin ng mga balangkas na sasakop sa mga espasyal at temporal na *fluidity* ng kasalukuyang pagkaka-intindi sa *ayún*. Ang pagsasama ng lahat ng mga pamanang ito ay isang kapuluan ng ugnayan ng mga kalinangan. Ayon kay Glissant (1997, 2020; 2009) ito ay ang pinakabatayan ng kasalukuyang *creolisation* o *hybridity*. Ang pagkaka-intindi sa *ayún* at ibang natural na pangyayari sa bawat pulo ng kapuluan ay magkakaiba, magkakaugnay at laging nagbabago kaya hindi *relativist* o *essentialist* ang ating argumento. Samakatwid, kailangan natin muling bisitahin ang

kasalukuyang hehemonikong at normatibong pananaw sa kalamidad sa pagitan ng kalikasan/panganib at lipunan/bulnerabilidad katulad ng mga salaysay tungkol sa *ayún* sa Pampanga nong Abril ng 2019.

Sa wakas, ang artikulong ito ay isang tawag para sa isang pagbabago mula sa unibersal na obyektibidad ng agham patungo sa pananalig o pagtitiwala na meron ibang *hybrid* na pananaw sa mundo katulad na pagkakaintindi ng mga Kapampángan sa *ayún*. Ang mga ibang pamanang ito ay tunay at may katwiran din. Samakatwid, ang layunin ng ating argumento ay *'bringing out the truth, one's own truth, in the human condition a truth first and foremost believable by one's self, without mystification'* (Eboussi-Boulaga 1977: 155).

MGA SANGGUNIAN

- Aduarte D. (1640, 1905) Historia de la provincia del Sancto Rosario de la Orden de Predicadores. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 32, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 19-297.
- Anonymous (1590, 2021) *Boxer codex: a modern Spanish transcription and English translation of 16th-century exploration accounts of East and Southeast Asia and the Pacific*. Vibal, Quezon City.
- Anonymous (1610, 1904) Jesuit missions, 1608-09. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 17, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 53-78.
- Anonymous (1649, 1906) Early Franciscan missions. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 35, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 278-322.
- Bankoff G. (2001) Rendering the world unsafe: 'vulnerability' as a Western discourse. *Disasters* 25(1): 19-35.
- Bankoff G. (2019) Remaking the world in our own image: vulnerability, resilience and adaptation as historical discourses. *Disasters* 43(2): 221-239.
- Barretto-Tesoro G. (2020) A local discourse on the early belief system from the Philippines using evidence from the Guthe Collection. *SPAFJA Journal* 4: <http://dx.doi.org/10.26721/spafajournal.v4i0.616>
- Benfey T. (1866) *A Sanskrit-English dictionary: with references to the best editions of Sanskrit authors and etymologies and comparisons of cognate words chiefly in Greek, Latin, Gothic, and Anglo-Saxon*. Longmans/Green and Co., London.
- Bergaño D. (1729) *Arte de la lengua Pampanga*. Ramirez y Giraudier, Manila.
- Bergaño D. (1732) *Vocabulario de la lengua Pampanga en romance*. Ramirez y Giraudier, Manila.
- Beyer H.O. (1918) *Philippine folklore, social customs and beliefs (a collection of original sources): Volume Nine (from the Pampañgans people)*. University of the Philippines, Manila.

- Beyer H.O. (1947) Outline review of Philippine archaeology by islands and provinces. *The Philippine Journal of Science* 77(3-4): 205-390.
- Bhabha H.K. (1985) Signs taken for wonders: questions of ambivalence and authority under a tree outside Delhi, May 1817. *Critical Inquiry* 12(1): 144-165.
- Bhabha H.K. (1994) *The location of culture*. Routledge, London.
- Bulaon J. (1915) Some superstitious beliefs among the Pampañgans. In Beyer H.O. (Ed.) *Philippine folklore, social customs and beliefs (a collection of original sources): Volume Nine (from the Pampañgans people)*. University of the Philippines, Manila, Paper No. 12.
- Butler J. (1995) Contingent foundations: feminism and the question of 'postmodernism'. In Benhabib S., Butler J., Cornell D., Fraser N. (eds) *Feminist contentions: a philosophical exchange*. Routledge, New York, pp. 35–57.
- CBS News (2019) 2nd powerful quake hits Philippines day after deadly temblor. *CBS News* 23 April: <https://www.cbsnews.com/news/earthquake-in-philippines-day-after-powerful-quake-death-toll-porac-pampanga-2019-04-23/>
- Chambers E. (1728) *Cyclopædia: or, an universal dictionary of arts and sciences*. Two volumes. James and John Knapton et al., London.
- Chirino P. (1604, 1904a) Relación de las Islas Filipinas (Part II). In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 13, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 27-219.
- Chirino P. (1604, 1904b) Relación de las Islas Filipinas (Part I). In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 12, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 169-321.
- Coronel F. (1621, 2005) *Arte y reglas de la lengua Pampanga*. Center for Kapampangan Studies, Angeles City.
- de Benavente A. (1699, 2007). *Arte de lengua Pampanga*. Center for Kapampangan Studies, Angeles City.
- de Bobadilla D. (1640, 1905) Relation of the Filipinas Islands. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 29, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 277-311.
- de Jesus L. (1663, 1905) General history of the discalced religious of St Augustine. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 21, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 191-259.
- de Loarca M. (1582, 1903) Relación de las Yslas Filipinas. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 5, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 34-187.
- de los Reyes I. (1909) *La religión antigua de los Filipinos*. El Renacimiento, Manila.
- de Medina J. (1630, 1905) History of the Augustinian order in the Filipinas Islands. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 23, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 119-297.
- de Morga A. (1609, 1904) Sucesos de las Islas Filipinas. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 16, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 25-209.
- de Plasencia J. (1589, 1903) Customs of the Tagalogs (two relations). In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 7, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 173-197.

- de Prado P. (1609, 1905) Relations of 1628-29. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 22, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 295-299.
- de San Agustin G. (1698, 1905) Conquests of the Filipinas Islands. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 25, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 151-200.
- de San Nicolas A. (1664, 1905) Historia general de los religiosos descalzos del orden de San Augustin. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 21, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 111-185.
- de Santa Cruz B. (1676, 1906) The Dominicans in the Philippines, 1641-69. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 37, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 64-147.
- de Uriarte J.B. (1728, 1907) The Santa Misericordia of Manila. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 47, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 23-85.
- Diaz C. (1718, 1906) The Augustinians in the Philippines, 1670-1694. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 42, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 117-312.
- Diderot D., d'Alembert J.L.R. (1751-1772) *Encyclopédie ou dictionnaire raisonné des sciences, des arts et des métiers par une société de gens de lettres*. Briasson / David / Le Breton / Durand, Paris.
- Eboussi-Boulaga F. (1977) *La crise du Muntu*. Présence Africaine, Paris.
- Fayol F. (1647, 1906) Affairs in Filipinas, 1644-47. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 35, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 212-275.
- Forman M.L. (1971) *Kapampangan dictionary*. University of Hawaii Press, Honolulu.
- Gaillard J.C. (2021) *The invention of disaster: power and knowledge in discourses on hazard and vulnerability*. Routledge, Abingdon.
- Gaillard J.C. (2023) *The Tout-Monde of disaster studies*. *Jambá: Journal of Disaster Risk Studies* 15(1): <https://jamba.org.za/index.php/jamba/article/view/1385>
- Garcia K.B. (2004) Lifeblood. *Singsing* 3(2): 51-55.
- Garcia J.N.C. (2016) *Myth and writing: occasional prose*. University of the Philippines Press, Quezon City.
- Glissant E. (1997, 2020) *Treatise on the whole-world*. Liverpool University Press, Liverpool.
- Glissant E. (2009) *Philosophie de la relation: poésie en étendue*. Gallimard, Paris.
- Hooke R. (1705) *The posthumous works*. R. Walters, London.
- Kress J.H. (2004) The necrology of Sa'gung rockshelter and its place in Philippine prehistory. In Paz V. (ed.) *Southeast Asian archaeology: Wilhelm G. Solheim II festschrift*. The University of the Philippines Press, Quezon City, pp. 239-275.
- Larkin J.A. (1993) *The Pampangans: colonial society in a Philippine province*. New Day Publishers, Quezon City.
- Mallari J.P. (2004) Tugak, barag and dapu: fellow river dwellers. *Singsing* 3(2): 77.
- Mani V. (1975) *Purāṇic encyclopaedia: a comprehensive dictionary with special reference to the epic and Purāṇic literature*. Motilal Banarsidass, Delhi.
- Nocheseda E.I. (2002) Ecological and ritual change in the devotion to Santa Marta de Pateros. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 30: 65-110.

- Orejas T. (2022) Pampanga churches rise from nature's fury. *Philippine Daily Inquirer* 29 May: <https://newsinfo.inquirer.net/1603737/pampanga-churches-rise-from-natures-fury>
- Pangilinan M.R.M. (2022) *Amalatan: Kapampangan origin myth*. Aguman Sinupan Singing Seminar, 17 Dec. 2022, Angeles City.
- Parker L. (1905) *English-Spanish-Pampango dictionary*. American Book and News Co. Publishers, Manila.
- Pineda Tiatco S.A. (2016) *Performing Catholicism: faith and theatre in a Philippine province*. The University of the Philippines Press, Quezon City.
- Prakash G. (1999) *Another reason: science and the imagination of Modern India*. Princeton University Press, Princeton.
- Punsalan S. (1953) *History and cultural life of Apalit*. Historical Data Paper Series, Department of Education-District of Apalit, Apalit.
- Rafael V.L. (1988) *Contracting colonialism: translation and Christian conversion in Tagalog society under early Spanish rule*. Ateneo de Manila University Press, Quezon City.
- Republic of the Philippines (2010) *Republic act 10121: an act strengthening the Philippine disaster risk reduction and management system, providing for the national disaster risk and management framework and institutionalizing the national disaster risk reduction and management plan, appropriating funds therefore and for other purposes*. Republic of the Philippines, Manila.
- Reyes J.T.R. (2024) Ilog bilang espasyo ng tunggalian at pagsasanib ng katutubo at kolonyal na relihiyon. In Ubaldo L.R.C., Reguindin-Estella J.S. (Eds) *Ilaya-Ilawod: ang bayan sa harap ng hamon ng kolonisasyon*. ADHIKA ng Pilipinas / National Commission for Culture and the Arts, Manila, pp. 34-47.
- Rizal J. (1891) *El filibusterismo*. F. Meyer van Loo, Ghent.
- Saluria J.S. (2023) *Ang bayan ng Tagagiik: isang kasaysayang pampook*. Bagong Kasaysayan, Cainta.
- Tenazas R.C.P. (1973) The boat-coffin burial complex in the Philippines and its relation to similar practices in Southeast Asia. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 1 (1): 19-25.
- Tomen N.L.B. (2008) *Kuraldal Atlung Ari & libad bangka nang Apung Iru: beyond the revelry*. National Commission for Culture and the Arts, Manila.
- Tuazon F. (nd) *History and cultural life of Candaba town in the province of Pampanga*. Historical Data Paper Series, Department of Education-District of Candaba, Candaba.
- Ubaldo L.R.C. (2023) *Ang nawaglit na buwaya sa kamalayang pangrelihiyon ng mga Pilipino*. Ika-34 na Pambansang Kumperensiya sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino, 28-30 Nobyembre 2023, Ateneo de Naga University, Naga.
- Vaez F. (1601, 1904) Annual letters from the Philippine Islands. In Blair E.H., Robertson J.A. (eds) *The Philippine Islands 1493-1898*. Vol. 11, The Arthur H. Clark Company, Cleveland, pp. 191-222.
- van der Ploeg J., van Weerd M., Persoon G.A. (2011) A cultural history of crocodiles in the Philippines: towards a new peace pact? *Environment and History* 17(2): 229-264.
- Young R.J.C. (1993) *Colonial desire: hybridity in theory, culture and race*. Routledge, London.

